



MGA MENSAHE SA AKLAT NG HEBREO:
ANG KADAKILAAN NI KRISTO AT
NG KRISTIANISMO

Ang Katiyakan ng Pangako ng Dios

Hebreo 6:13-20



Message Guide | Nobyembre 1, 2020

Ang Katiyakan ng Pangako ng Dios

Ang Mensahe Ngayon (01 Nobyembre 2020) / Hebreo 6:13-20

Ang mensahe natin sa hapong ito ay malinaw.... mayroon tayong higit na katiyakang pinanghahawakan dahil ang ating Dios na hindi nagbabago at tunay na matapat, ay nagbigay ng PANGAKO, na pinagtibay Niya ng isang SUMPA, na taglay naman ng ating Dakilang Pinakapunong Pari sa dambana ng biyaya. Hindi Niya tayo bibitawan. Tiyak Niya tayong ililigtas. Sa buhay na ito, at sa walang hanggan!!

Mga Tanong Para sa Talakayan

1. Anong katangian ng Dios ang mapanghahawakan natin para patibayin ang ating pag-asa para sa langit?
2. Sa papaanong paraan sinisiguro ni Kristo ang ating kapatawaran at kaligtasan?
3. Ano ang papel ng Espiritu Santo sa pagsiguro ng ating tiyak na pagpunta sa langit sa piling ng ating Ama na nasa langit?

Nung huli nating pag-aaral sa Hebreo, binigyan tayo ng may-akda ng...

- Isang pagpuna sa mga walang paglago...
- Isang panawagan sa mga walang pag-unlad...
- Isang paalala sa peligro ng apostasiya...
- Isang paghihikayat sa mga tunay na mananampalataya.

¹¹At nais namin na ang bawat isa sa inyo ay magpakita ng gayunding sigasig upang inyong malaman ang ganap na katiyakan ng pag-asa hanggang sa katapusan;

¹²upang kayo'y huwag maging mga tamad, kundi mga tagatula kayo sa kanila na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagmamana ng mga pangako.” (Heb 6:11-12)

1. ANG KATIYAKAN NG PANGAKO NG DIOS KAY ABRAHAM (HEB 6:13-16)

¹³Nang mangako ang Diyos kay Abraham, palibhasa'y walang sinumang higit na dakila na kanyang panunumpa, siya ay nanumpa sa kanyang sarili,

¹⁴na sinasabi, “Tiyak na pagpapalain at pararamihin kita.”

¹⁵Kaya't si Abraham, nang makapaghintay na may pagtitiis, ay tumanggap ng pangako.

¹⁶Nanunumpa ang mga tao sa harap ng higit na mataas sa kanila, at ang sumpang binitawan bilang katibayan ay nagwawakas ng bawat usapin.”

Gen 12:1-3 — ¹“Sinabi ng Panginoon kay Abram, “Umalis ka sa iyong lupain, sa iyong mga kamag-anak, sa bahay ng iyong ama, at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.” ²Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay aking pagpapalain, gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala. ³Pagpapalain ko ang magbibigay ng pagpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; at sa pamamagitan mo ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain.”

Gen 15:5-6 — ⁵“Siya'y dinala niya sa labas at sinabi, “Tumingala ka ngayon sa langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo.” At sinabi sa kanya, “Magiging ganyan ang iyong binhi.” ⁶Sumampalataya siya sa Panginoon; at ito'y ibinilang na katuwiran sa kanya.”

Gen 22:16-17 — ¹⁶At sinabi niya, “Sumumpa ako sa aking sarili,” wika ng Panginoon, “sapagkat ginawa mo ito at hindi mo ipinagkait sa akin ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak; ¹⁷tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit at mga buhangin sa baybayin ng dagat; at makakamit ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway.”

Ang Katiyakan ng Pangako ng Dios

Ang Mensahe Ngayon (01 Nobyembre 2020) / Hebreo 6:13-20

Gen 22:18 — “At sa pamamagitan ng iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa lupa, sapagkat sinunod mo ang aking tinig”.

Yan ang unang katotohanang ating matutunan — ang katiyakan ng pangako ng Dios kay Abraham ay wagas sapagkat ito ay nakasandig sa katapatan mismo ng Dios Ama na pinakamataas na kapangyarihan at autoridad sa buong sansinukob. Maasahan natin na ang pangakong ito, na natupad nang bahagya sa buhay ni Abraham, sa pagkakaroon ng bayang Israel, at sa pagdating ng Mesias, ay patuloy na matutupad sa lahat nang mananampalataya sa Kanya...

2. ANG KATIYAKAN NG PANGAKO NG DIOS SA LAHAT NG MANANAMPALATAYA (HEB 6:17-20)

¹⁷Gayundin naman, sa pagnanais ng Diyos na maipakita sa mga tagapagmana ng pangako na hindi maaaring mabago ang kanyang pasiya, pinagtibay niya ito sa pamamagitan ng isang sumpa;

¹⁸upang sa pamamagitan ng dalawang bagay na di-mababago, na dito’y hindi maaaring magsinungaling ang Diyos, tayong nagtungo sa kanlungan ay magkaroon ng higit na katiyakang panghawakan ang pag-asang nakalagay sa harapan natin.

¹⁹Taglay natin ito bilang isang tiyak at matibay na angkla ng kaluluwa, isang pag-asa na pumapasok sa loob ng santuwaryo, sa kabila ng tabing,

²⁰na doo’y naunang pumasok para sa atin si Jesus, na naging pinakapunong pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek.”

Rom 4:22-24 — “²²Kaya’t ang kanyang pananampalataya ay ibinilang na katuwiran sa kanya. ²³Ngayo’y hindi lamang dahil sa kanya isinulat ang salitang, “sa kanya’y ibinilang,” ²⁴kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa atin na mga sumasampalataya sa kanya na muling bumuhay kay Jesus na ating Panginoon mula sa mga patay”

“na ibinigay sa kamatayan dahil sa ating mga pagsuway at muling binuhay upang tayo’y ariing-ganap” (Rom 4:25)

1 John 2:1-2 — “Mga munti kong anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo’y huwag magkasala. Ngunit kung ang sinuman ay magkasala, tayo ay may Tagapagtanggol sa harap ng Ama, si Jesu-Cristo na siyang matuwid. ² Siya ang kabayaran para sa ating mga kasalanan, at hindi lamang para sa atin kundi para din sa kasalanan ng buong sanlibutan.”

Heb 7:25 — “Dahil dito, siya’y may kakayahang iligtas nang lubos ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, yamang lagi siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila”

Heb 4:14-16 — “¹⁴Yamang tayo’y mayroong isang marangal at Pinakapunong Pari na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Diyos, ay hawakan nating matatag ang ating ipinahahayag. ¹⁵Sapagkat tayo’y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayunma’y walang kasalanan. ¹⁶Kaya’t lumapit tayong may katapangan sa trono ng biyaya, upang tayo’y tumanggap ng awa, at makatagpo ng biyaya na makakatulong sa panahon ng pangangailangan.”

Ang mensahe natin sa hapon ito ay malinaw... mayroon tayong higit na katiyakang pinanghahawakan dahil ang ating Dios na hindi nagbabago at tunay na matapat, ay nagbigay ng PANGAKO, na pinagtibay Niya ng isang Sumpa, na taglay naman ng ating Dakilang Pinakapunong Pari sa dambana ng biyaya. Hindi Niya tayo bibitawan. Tiyak Niya tayong ililigtas. Sa buhay na ito, at sa walang hanggan! ■

THANK YOU TO THE HISTORIC HUNDRED!

We almost, but not quite, met the hundred persons limit last Sunday because some (like yours truly) enrolled in Safepass but forgot to fill up the Google Form for Health Declaration, which is needed to reserve a seat! Am just glad I was allowed to go in by our Security and ushers nonetheless. Kidding aside, we do thank you for jumping through all the hoops required and beg your understanding and patience. There is no truth to the rumor that it is easier to enter heaven than it is to get a seat at GCF. All of this is only because we care about you and your safety from COVID, so please continue praying that our national health situation improves so that this this lockdown will soon be over.

WHAT'S THE GAME PLAN FOR THE NEXT FEW SUNDAYS?

We are going to maintain a hundred person limit up to today, because it is Communion Sunday and most of us will have to temporarily take off our masks to take the elements (just being extra careful). Then next Sunday we will increase our capacity to 20% of the auditorium, and then on the third Sunday and onward we will be at the 30% maximum capacity allowed by government regulations.

YES, BELIEVERS NEED THE GOSPEL ALL THEIR LIVES

Pastor, why must you preach the Gospel in every sermon? Because that is how we C.A.R.E.

1. Call the unsaved (God's ordained way to call the elect to Himself). This includes asking those who think they are saved to examine themselves and verify their salvation (2 Corinthians 13:5).

2. Assure the saved about their salvation (to teach assurance, which is so essential for believers going through difficult times).

3. Remind the saved of grace (to avoid legalism and instead follow Christ in love). Legalism is one of the most dangerous and demoralizing mindsets for any believer.

4. Educate the saved how to evangelize (teach and inspire proper evangelism, which requires repentance toward God and faith in Christ, Acts 20:21). Wrong evangelism is one of the reasons why nominal Christianity is one of the biggest problems in churches today. Some who think they are saved might be not.

As you can see, there are at least three times as many reasons to preach the gospel to believers as there are to the lost. Yes, Christian we still need the gospel today. ■

MGA ANUNSIYO

ELECTION OF CHURCH LEADERS

Oktubre 4 (Linggo), Para sa karagdagang impormasyon magtungo sa election.gcf.org.ph o mag-email sa election@gcf.org.ph para sa mga katanungan

BELONGING (Midweek Series): *Belonging For Kids*

Nobyembre 7 (Miyerkules), 6:30 n.g. sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS

Tuwing Lunes at Biyernes, 7:00 n.g. sa GCF Facebook Page

LIVestream (Youth LIVE Worship)

Tuwing Sabado, 5:00 n.h. sa youtube.com/user/gcfyouthlive

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL

Tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa Facebook sa [@GCFKidsLIFE](https://www.facebook.com/GCFKidsLIFE)

THE GCF FAMILY'S HOUR OF PRAYER

8:00 n.g. hanggang 9 n.g. sa Zoom

NEWLY STARTED GROWTH GROUP (SENIOR COUPLES)

Tuwing Miyerkules, 7:30 n.g., sa Zoom, GG leaders Elder Bong & Sis Marife Durana

GCF SMALL GROUP TRAINING AND PRECEPT PHILIPPINES

An Inductive Bible Study on Mark 7-13

October 11 (Linggo), 8:30 hanggang 9:30 n.u. sa Zoom, makipag-ugnay kay Marj: 0917-779-1549

PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anuman sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER

Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch) Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch) Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch) Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch) Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Bank of the Philippine Islands (BPI)** Ortigas Emerald Branch Peso Savings Account
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch) Savings Account 629-3-62919733-9
- **GCash (L) and PayMaya (R)** (i-scan ang QR code sa ibaba)



Account name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

Account No.: 9823 0217 01

CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL

Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS

Maaari ninyo ring italaga ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naaapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■



Greenhills Christian Fellowship

Know Christ and Make Him Known

Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605

☎ (02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83

☎ Fax No. (02) 8632 1357, Monday to Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.

✉ email@gcf.org.ph 🌐 gcf.org.ph 📍 Greenhills Christian Fellowship